# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 40 BILANG 8 BASAHIN AT TALAKAYIN AGOSTO 2020


EDITORYAL

# Lutasin ang krisis ng bayan at COVID-19, ibagsak ang rehimeng US-Duterte


Kumukulo ang galit ng sambayanan sa mga palyadong patakaran ni Duterte sa pagharap sa COVID-19. Nalantad pa ang kabulukan sa PhilHealth at Department of Health (DOH) kung saan bilyun-bilyong pisong pondo sa kalusugan ang kinurakot sa gitna ng pandemya at tumitinding kahirapan sa bansa. Nagpapatuloy rin ang terorismo ng estado sa gitna ng malawakang pagtutol ng bayan sa mga anti-mamamayang patakaran ng estado.

Lagpas 150 araw na ang *lockdown* sa Pilipinas, ang pinakamahaba sa buong daigdig, subalit hindi nito nasansala ang patuloy na lumalala at lumalaganap na sakit. Nangunguna na ang Pilipinas sa may pinakamaraming kaso nito sa Timog Silangang Asya na lumagpas na sa 200,000 sa pagtatapos ng Agosto. Mas lumilinaw na hindi kayang solusyonan ng rehimen ang krisis ng pandemyang COVID-19 at sa gayo'y hindi na dapat pang patagalin sa pwesto.

Matindi pa sa sakit na COVID-19 ang idinulot ni Duterte sa mamamayan. Palpak na ang kanyang mga programa, nagawa niya pang nakawin ang bilyun-bilyong pisong pondo para sa sakit. Nauna niya nang nakopo ang *emergency funds* sa ilalim ng Bayanihan to Heal As One Act (BAHO). Kinurakot din ng kanyang administrasyon ang P15 bilyon mula sa PhilHealth imbes na ilaan sa serbisyong pangkalusugan at mga ayuda.

Hindi komprehensibong medikal at sosyo-ekonomiko ang mga solusyon ni Duterte sa pagharap sa COVID-19. Militarista ang naging direksyon sa kumpas ng AFP-PNP na nangungulo sa Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF). Pantapal na solusyon ang ipinapanukala sa nagagalit na taumbayan tulad ng programang balik-probinsya na kung tutuusi'y magbibigay ng mas malaking risgo na lumaganap ang sakit sa labas ng Kamaynilaan.

Wala pa ring *mass testing* at napakatagal lumabas ng mga resulta ng kakaunting *testing* na nasasagawa sa bansa. Tinagurian din ang bansa na isa sa may pinakamabagal na paraan ng *contact tracing* sa buong mundo. Hindi pa sapat ang mga kagamitan at rekursong pangkalusugan laban sa sakit. Unti-unti nang nawawalan ng loob ang mga manggagawang pangkalusugan na pinabayaan ng



KALATAS

Agosto 2020
TOMO 40 BILANG 8

1 Lutasin ang krisis ng bayan at COVID-19, ibagsak ang rehimeng US-Duterte
3 Karapatan sa lupa at panirikan, patuloy na ipinaglalaban sa Hacienda Yulo
4 Gamumong ayuda, baryang kita
5 Balitang TO at Bantay Karapatan
6 Karapatang matuto at mag-aral, ipinagkakait sa mahihirap sa panahon ng COVID
8 Pilipinas, pinakaraming kaso ng COVID-19 sa Timog Silangang Asya
10 Tugon ni PdG: Hinggil sa awtonomiya ng pambansang minorya
12 Microfinance, isang makabagong porma ng usura
14 Berdugong AFP-PNP, pinaslang at nilapastangan ang bangkay ng apat na NPA sa Laguna
15 Tumitinding atake at panlilinlang ng 203rd Brigade sa mga Mangyan
16 Pagbayarin nang mahal ang berdugong 1st IBPA at RMFB-4A ng PNP!
17 Bukas na mensahe ng asawa ni Ka Jethro
18 Tula: Mapait na gamot

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

st.kalatas@gmail.com

balikwastk.wordpress.com

estadong harapin ang bayrus nang walang proteksyon at kasiguruhan sa buhay.

Niluwagan ni Duterte ang *lockdown* upang muling buhayin ang ekonomya subalit walang iniayos na plano para sa pag-iwas sa sakit tulad ng *mass testing*, libreng pamamahagi ng *face masks* at *personal protective equipment* (PPEs) at kung papaano mabibigyan ng proteksyon ang mga manggagawa ng mga kapitalista sa pook-trabaho mula sa pagkakasakit ng Covid-19. Nagresulta pa ito sa patuloy na paglaganap ng sakit, lalo sa hanay ng mga manggagawa. Sa Laguna pa lamang, lampas 4,000 manggagawa ang may kaso ng COVID-19.

Matindi rin ang tama ng COVID-19 sa ekonomya ng bansa na hindi kayang agapan ng rehimeng Duterte. Umaabot na sa 20.4 milyon ang bilang ng wala o kulang ang trabaho kabilang ang 14 milyong walang hanapbuhay resulta ng mahabang panahong nakasara ang mga lokal na empresa at negosyo. Sa kabila ng mga pagtatakip, napilitang aminin ng rehimen na nasa 17.7% ang tantos ng disempleyo na walang kapantay sa kasaysayan. Naitala ring pinakamalaking bumagsak na ekonomya sa Asya ang Pilipinas na bumulusok ng 16.7% ngayong ikalawang kwarto ng 2020. Ito ang pinakamalaking pagbulusok sa *gross domestic product* (GDP) o halaga ng lokal na produksyon sa bansa sa loob ng 40 taon.

Ginagamit na katwiran ni Duterte ang depisito at bagsak na ekonomya sa pangungutang. Umabot na sa P9.9 trilyon ang utang ng Pilipinas sa pagtatapos ng Hunyo 2020 matapos ang kabi-kabilang pangungutang na umabot sa P1.7 trilyon sa unang hati ng 2020. Tinatayang aabot sa P10.16 trilyon ang utang ng bansa sa pagtatapos ng 2020. Tiyak na ibubulsa niya lamang ito kasama ng kanyang mga alipores at pinapaborang heneral ng AFP-PNP.

Patraydor na ibinayad ni Duterte ang West Philippine Sea sa mga utang niya sa China. Silbing kabayaran din ang naturang teritoryo sa pangakong mga bakuna laban sa COVID-19. Tinalikuran ni Duterte ang panawagan ng mamamayan para sa pambansang soberanya at kasarinlan upang makapagkamal ng bilyun-bilyong piso at milyong bilang ng bakuna na ang tanging makikinabang ay ang mga naghaharing uri. Pinakamasahol, unang inireserba niya ang mga bakuna, hindi para sa mamamayan o sa mga manggagawang pangkalusugan, kundi para sa kanyang mga kroni at berdugong AFP-PNP.

Ramdam na ramdam ng mamamayan ang gumagrabeng kalagayan at kahirapan sa panahon ng pandemya subalit wala o kulang ang subsidyong ibinibigay ng gubyernong Duterte sa ilalim ng Social Amelioration Program (SAP). Sa Quezon, naiulat na 2 beses lamang nabigyan ng SAP ang mga magniniyog sa loob ng anim na buwang *lockdown.* Mas terible pa ang pagpapabaya sa mga pambansang minorya sa rehiyon, tulad ng karanasan sa Mindoro na inoobligang magparehistro ang mga Mangyan kung ninanais na pagkalooban ng SAP. At kung nakarehistro man tulad ng mga sityo lider, isang beses pa lamang sila nakatanggap nito at isang sakong bigas lang na paghahatian pa ng buong komunidad.

Kung tutuusin, may sapat na pondo ang rehimen para labanan ang COVID-19, tustusan ang pangangailangan ng mamamayan at pasiglahin muli ang ekonomya ng bansa. Subalit inilaan lamang ito ni Duterte sa pasismo at panunupil ng estado. Nauna nang bumili si Duterte ng samu't saring armas pandigma para sa AFP-PNP. Nilaan pa ang pera ng bayan sa walang tigil na *focused military operations* sa tabing ng mga *"covid-related missions"* at ibayong paghahasik ng teror sa bisa ng Anti-Terrorism Act of 2020 (ATA).

Marahas na pinaslang ng mga mersenaryong pwersa ng rehimeng

Duterte si Randall Echanis, NDFP *consultant* at lider magsasaka, sa loob mismo ng kanyang inuupahang bahay sa Novaliches, Quezon City noong Agosto 10. Kasunod naman ang pagpatay kay Zara Alvares, isang manggagawang pangkalusugan at tagapagtanggol ng karapatang tao noong Agosto 17 sa Bacolod City. Nagpapatuloy rin ang mga iligal na pang-aaresto at pagmamanman sa mga aktibista sa lungsod. Sa kanayunan naman ay walang-puknat ang mga operasyong militar at pulis at pambobomba sa mga komunidad ng mga magsasaka at katutubo.

Sa kabilang banda, tapat ang rebolusyonaryong gubyerno sa tungkulin nito sa bayan na pamunuan ang kampanya laban sa COVID-19 at pasismo ni Duterte. Nagpapatuloy ang kampanyang sanitasyon at serbisyong medikal ng Bagong Hukbong Bayan, katuwang ang mga komite sa kalusugan ng mga organisasyong masa sa mga sona at larangang gerilya. Taliwas sa ipinapangalandakan ni Lt. Gen. Antonio Parlade ng Southern Luzon Command (SOLCOM), wala pang naitatalang kaso ng COVID-19 sa hanay ng mga Pulang mandirigma sa rehiyon. Nagkakalat ang utak-biyang si Parlade ng intriga at mga pekeng balita upang pagtakpan ang katotohanang hindi na nila kayang kontrolin ang paglaganap ng sakit at ang mismong mga tropang nagsasagawa ng *focused military operations* ang potensyal na tagapagdala ng COVID-19 sa liblib na kanayunan.

Imbes na matakot sa terorismo ng estado, patuloy na iginigiit ng mamamayan ang kanilang mga karapatan lalo para sa mga komprehensibong pagbabago sa pagharap sa pandemya. Sa kabila ng pandarahas sa mga aktibista, progresibo, makabayan at kritiko ng rehimen, lumalakas ang panawagang patalsikin si Duterte. Namumulat sila sa katotohanang walang kahihinatnan ang kinabukasan ng bayan sa ilalim ng kurap, taksil at pasistang si Duterte. Higit na tumitibay ang pagkakaisa ng malawak na hanay ng mamamayang Pilipino para ibagsak si Duterte.

Ang lumulubhang kalagayang iniresulta ng kainutilan at kriminal na pagpapabaya ni Duterte sa paglaban sa COVID-19 ay higit na nagtutulak sa sambayanang Pilipino na isulong ang demokratikong rebolusyong bayan. Nagiging malinaw sa kanila na ang rebolusyon ay sandata laban sa *de facto Martial Law* ng estado. Higit sa lahat, lalong lumilinaw sa mamamayan na upang makaalpas sa ganitong kalagayan, kailangang pabagsakin si Duterte. Sa pagwawakas ng tiranya ng rehimen, mabibigyang-daan ang isang gubyernong tunay na tutugon sa pagsugpo sa COVID-19 at kikilala sa mga pundamental na karapatan ng mamamayan.




KILOS PROTESTA



# Karapatan sa lupa at panirikan, patuloy na ipinaglalaban ng mga magsasaka sa Hacienda Yulo

Bigo ang armadong *goons* ng Hacienda Yulo na palayasin ang mga magsasaka sa Sitio Buntog at Bangyas, Barangay Canlubang, Calamba, Laguna noong Agosto 24. Pinamunuan ng Samahan ng Mamamayang Nagkakaisa sa Sitio Buntog (SAMANA-Buntog) ang pagdepensa sa lupain at panirikan laban sa pandarahas at pagpapalayas ng mga armadong pribadong gwardya.

Dumating ang armadong *goons* noong umaga na may dalang mahahabang riple at walang pusong tinakot at pinapalayas ang mga magsasaka. Hanggang sa katapusan ng buwan, nakaistasyon pa rin ang mga inupahang gwardya at *goons* ng Hacienda Yulo sa labas ng Sityo Buntog at hinaharangan ang daan papasok.

Lumala ang mga pagbabanta ng mga armadong gwardya sa mga magsasaka kahit sa gitna ng kahirapan at krisis ng COVID-19. Noong nakaraang Hulyo, nagtangka ang mga ito na palayasin ang mga residente. May dala-dala silang *riot shields* subalit nabigo silang paalisin ang mga magsasaka.

Mula noon, paulit-ulit na binabalikan at hinaharas ng mga gwardya at *goons* ang mga residente. Lumawak pa hanggang sa kabilang sityo tulad ng Matang Tubig ang panghaharas at pagbabanta ng mga ito.

Pinagbawalan din ang mga residente na kuhaan ng litrato o bidyo ang mga *goons* ng Hacienda Yulo.

Ayon sa SAMANA-Buntog, binabakuran ng *goons* ang kanilang sityo at sinisira ang kanilang mga pananim. Ninanakaw din ang kanilang mga prutas.

Ang Sityo Buntog ay bahagi ng 7,100 ektaryang tubuhan ng Hacienda Yulo na sumasaklaw sa tatlong siyudad ng Laguna: ang Calamba, Cabuyao at Santa Rosa. Bahagi ito ng pinaplanong 200-ektaryang *residential subdivision*.

Ayon sa Katipunan ng mga Samahang Magbubukid sa Timog Katagalugan (KASAMA-TK), ang Hacienda Yulo ay hindi kailanman sinaklaw ng PD No. 27 ni Marcos at Comprehensive Agrarian Reform Program ng Rehimeng Aquino na nagpapatunay na walang intensyon ang gubyerno na ipamigay ang lupaing ito sa mga magsasaka.

# Gamumong ayuda, baryang kita

## *Ang kalagayan ng mga magniniyog sa Quezon sa gitna ng pandemya*

Kasing pait ng paglugmok ng kabuhayan ng mga manggagawa't maralita sa kalunsuran ang nararanasang kahirapan ng mga magniniyog sa Quezon dahil sa pandemya. Dati nang mababa ang kanilang kinikita dahil sa hindi istableng kalagayan ng industriya ng niyog at sa patuloy na pagsasamantala ng mga asyendero't komersyante. Ngayong may pandemya, apektado ang kanilang hanapbuhay at pagbebenta ng kalakal bunsod ng militaristang *lockdown.*

Sa sobrang gipit, araw-araw pinoproblema ng mga magniniyog kung saan nila kukunin ang pangtustos sa kanilang pangangailangan.

Ang ganitong suliranin ng karaniwang mamamayan ay ipinangako ng rehimeng Duterte na lulutasin ng programa sa ayuda na Social Amelioration Program (SAP). Humigop ang SAP ng bilyun-bilyong pondo—P200.9 bilyon ang ibinigay sa Department of Social Welfare and Development (DSWD), P12.5 bilyon sa Department of Labor and Employment (DOLE), at P11 bilyon sa Department of Agriculture (DA).

Sa laki ng perang inilabas ng rehimen, gamumo lamang ang umabot sa kamay ng mamamayang apektado ng pandemya, kabilang na ang mga magniniyog sa Quezon.

**Kulang na ayuda**

Larawan ng palpak na SAP ang karanasan ng mga magniniyog mula sa Lopez, Quezon.

Sa loob ng anim na buwan na pagpapatupad ng *lockdown*, dalawang beses lamang sila binigyan ng ayudang pinansya at pagkain. Ang isang bigayan ng ayudang pinansya ay nagkakahalaga ng P6,500, samantalang ang ayudang pagkain ay binubuo ng 5 kilong bigas, de-latang sardinas, 30 itlog, 2 pirasong *noodles*, kape at asukal. Aabot ng P500 ang isang *food pack.*

Kada bahay, hindi pamilya, ang distribusyon ng ayuda. Sa dalang ng ayuda, lalabas na ang ayudang pinansya kada buwan ay aabot lang sa P2,167 samantalang may P167 na halaga ng suportang pagkain.

Napakaliit ng ayuda kumpara sa tunay na pangangailangan ng isang pamilya. Sa taya ng Philippine Statistics Authority noong 2019, aabot ng P7,337 ang pinakamababang gastos sa pagkain ng pamilyang may limang miyembro sa isang buwan. Kung isasama ang iba pang gastusin na hindi pagkain, aabot sa P10,481 ang kailangan. Ito ay kwentadang nakabatay pa sa itinakdang napakababang *poverty threshold* ng reaksyunaryong gubyerno.


Kapos na nga'y mababawasan pa ang ayudang maiuuwi dahil sa mga bayaring kaakibat ng pagkuha ng SAP. Kabilang rito ang P160-190 na *fee* para sa *cash transfer* at bayad para sa *registration form* ng SAP. Dagdag pa ang malaking gastos sa biyahe ng mga taga-kanayunan papuntang bayan para makuha ang kakarampot na ayuda.

Kalakhan ng mga nakausap na magniniyog na benepisyaryo ng SAP ay nagsasabing nahirapan sila sa pagrerehistro para rito. Kung titimbangin ang gamumong halaga ng ayuda laban sa hirap na pagdadaanan para makuha ito, lalabas na ipinagdadamot ng reaksyunaryong gubyerno ang ayuda. Hindi ito akma sa panahon ng krisis kung kailan kailangang mabilis at madaling maiabot ang ayuda sa mga nangangailangan.

**Hirap na bago pa ang pandemya**

Malaking kasalanan sa magniniyog ang palpak na SAP lalo pa't malaki ang nabawas sa kanilang kabuhayan dahil sa militaristang solusyon ng rehimen sa COVID-19. Mayor rito ang pagbabawal sa mga aktibidad na pinagkukunan nila ng dagdag na kita. Malaki itong kawalan dahil dito na nagmumula ang kanilang pang-araw-araw na panggastos laluna ngayong napakaliit ng kanilang kita sa pagkokopra.

Kwento ng mga magsasaka, bumaba ang produksyon ng kopra dahil sa tagtuyot na sumalanta sa mga niyugan mula unang hati hanggang ikatlong kwarto ng 2019. Dagdag pang pinsala ang hatid ng bagyong Ambo nitong Mayo. Mula sa dating 438 kilo ng kopra na nalulukad kada ektarya, bumaba ito sa 250 kilo.



Sa liit ng produksyon, hindi na maramdaman ng mga magniniyog ang epekto ng pagtaas ng presyo ng kopra tungong P20 kada kilo mula sa dating bagsak presyo na P10-13 kada kilo noong unang kwarto ng 2019. Napakaliit ng kanilang netong kita na sa kwentada ay lumabas na P260 kada ektarya na lamang o baryang P3 kada araw.

Dahil sa labis na pagkalugi, mga ekstrang pagkakakitaan ang naging pansalba ng mga magniniyog sa kanilang pamilya. Bago ang pandemya, nagpapaupa sila sa mga niyugan, sakahan at kahit bilang manggagawa sa konstruksyon sa bayan. Linggo-linggo rin silang nagbebenta ng produktong bukid sa tianggean sa mga sentrong pamilihan. Ang iba'y nag-uuling at nagririsgong mahuli ng DENR para lamang kumita ng ilang daang piso.

Lahat ng ito'y ipinagbawal na ng rehimen sa tabing ng pagpigil sa paglaganap ng *virus.* Kinontrol ang pagbibiyahe at nilimitahan ang pagtitipon ng mga tao. Nagpadala ng mga militar at pulis sa mga interyor para umano'y mahigpit na ipatupad ang mga *protocol* kaugnay ng COVID-19. Ang totoo'y naroon ang mga pasista upang supilin ang mga magsasakang nag-oorganisa ng kanilang mga sarili para ipaglaban ang kanilang karapatan at kabuhayan sa harap ng matinding pagpapabaya at kapalpakan ng rehimeng Duterte.

Ramdam na ramdam ng mga magniniyog sa Quezon ang pagtindi ng kahirapan sa kanayunan dahil sa kainutilan ng rehimeng Duterte sa pagharap sa COVID-19. Lalong nagiging makatarungan at makatwiran ang kanilang patuloy na pakikibaka upang igiit ang kanilang karapatan sa lupa, pagbabalik sa kanila ng ninakaw na pondong *coco levy* at pagpapalayas sa mga militar at pulis na naghahasik ng teror sa kanayunan. Iginigiit nila ang paglalaan ng sapat na subsidyo, hindi limos tulad ng SAP, para sa mga magsasakang umaasa sa industriya ng niyog. Nagkakaisa silang kumikilos, kasama ang sambayanan, upang pabagsakin ang rehimeng sanhi ng labis nilang paghihirap sa panahon ng pandemya. K





# 4 na sundalo ng 85th IBPA, patay sa kontra-atake ng AMC-BHB Quezon!

Matagumpay ang kontra-atake ng isang yunit ng Apolonio Mendoza Command (AMC)-BHB Quezon laban sa pasistang 85th IBPA noong Agosto 13, 4:30 ng hapon, sa Sitio Rekudo, Brgy. Talisay, San Andres.

Hindi bababa sa apat na elemento ng 85th IBPA ang kumpirmadong napinsala habang ligtas na nakaatras ang mga Pulang mandirigma. Pinatotohanan ito ng masang nakakita sa labi ng mga sundalo. Sa kahihiyan ng AFP, ipinalalabas ang mga ito na patay na NPA.


Nagpapatuloy ang *sustained* at *focused military operations* ng AFP sa naturang lugar mula Agosto 13. Hanggang ngayon ay nagpapatuloy pa rin ang panggigipit ng mersenaryong militar sa mga taumbaryo sa tabing ng naganap na labanan at militaristang *lockdown*. K

BANTAY KARAPATAN



# *Menor de edad*, dinukot at ginahasa ng mga elemento ng 201st Brigade

Isang *menor de edad* ang dinukot at ginahasa ng mga elemento ng AFP noong ika-27 ng Hulyo sa bayan ng Pagbilao, Quezon.



Ang nasabing *menor de edad* na dalagita ay anak ng kilalang lider masa ng Anakpawis at Gabriela na si Eunice Buendia sa bayan ng Mulanay. Nagsampa ng reklamo ang kanyang mga kaanak at nagpa-*blotter* sa presinto ng pulis. Nagsampa din ng kaso sa DSWD para mapanagot ang may kagagawan sa naturang pangyayari.

Makalipas ang ilang araw ay inilitaw din ang anak ni Buendia ng 201st Brigade, kasama si Leoben Julita na siyang dumukot at gumahasa sa nasabing bata. Si Julita ay kasalukuyang *asset* at malinaw na tauhan ng 59th IBPA na nananakot at naghahasik ng kaguluhan sa mga baryo ng Macalelon, Lopez, Catanauan, at General Luna.

Ayon sa nakuhang ulat ng Karapatan-Quezon at testimonya ng bata, ginahasa at sapilitan siyang pinaaamin na kasapi ng mga maka-kaliwang grupo. Tinuruan din ng mga itim na propaganda ang bata laban sa kanyang ina at binigyan ng AFP ng cellphone na may *GPS Tracker*.

Nagtangkang magpakamatay ang batang biktima dahil sa takot at *trauma* na naranasan sa kamay ng mga militar.

Ang nasabing pangyayari ay bahagi ng pagpapalaganap ni Duterte ng kanyang militaristang pagkontrol sa mamamayan sa ilalim ng Anti-Terror Law ng rehimen. K

# Karapatang matuto at mag-aral, ipinagkakait sa mahihirap sa panahon ng COVID

Pinahaba ng kainutilan ng rehimeng Duterte ang bakasyon ng 25 milyong estudyante sa bansa. Halos anim na buwan nang walang pasok sa mga paaralan mula nang ipasara ang mga ito noong Marso alinsunod sa pagkontrol sa paglaganap ng COVID-19. Umasa ang taumbayan na sa panahong ito'y makakapaghanda ang reaksyunaryong gubyerno para sa muling pagbubukas ng mga klase na may pagtitiyak na hindi magkahawahan ng *virus* sa loob ng mga eskwelahan.

Inunsyami ng rehimeng Duterte ang hiling ng taumbayan. Inihain ng Department of Education (DepEd) at Commission on Higher Education (CHEd) ang *blended/distance* at *flexible learning* bilang mga pangunahing moda ng pagkatuto sa panahon ng pandemya kahit na hindi ito angkop sa kalagayan at pangangailangan ng mga estudyante, magulang at guro.

Sa inayos na programa sa edukasyon, magiging mayor ang indibidwal na pagsisikap na aralin ang mga modyul. May lahok itong mga suplementong aralin sa radyo at TV. Para sa kolehiyo, iiral ang *online* na sistema ng pag-aaral at magkakaroon na lamang ng mga *offline* na klase sa pagtatapos ng *school year.* Ito ang magtitiyak ng pag-iwas sa *face to face* o harapang interaksyon na ayon sa rehimen ay mapanganib dahil sa COVID-19.

**Edukasyon para sa iilan**

Salaminan ng kapalpakan ng rehimen ang kawalan ng kahandaan ng DepEd para sa sarili nitong programa. Hanggang Agosto'y wala pang modyul na natatanggap ang mga guro at hindi pa naiimprenta ang mga materyales na ipamimigay sa mga estudyanteng walang *laptop* o *smartphone*.

Bunsod ng mga kakulangan, iniurong ang pagbubukas ng mga klase sa Oktubre 5 mula sa orihinal na Agosto 24. Nagsara naman ang maliliit na pribadong paaralan na hindi kayang sumunod sa bagong patakaran ng DepEd at CHEd, kabilang ang 67 eskwelahan sa Timog Katagalugan. Samantala, nakapagsimula na ng mga klase sa mga pribadong eskwelahan at unibersidad na may kakayanang ipatupad ang *blended/distance* at *flexible learning* ngayong Agosto.

Maraming rekisito para sa *blended/distance* at *flexible learning* na hindi pa nakakamit sa bansa. Kulang ang imprastraktura para sa *internet* at napakamahal din ng serbisyong ito. Sa kasalukuyan, 74% ng mga pampublikong paaralan ang walang *internet* habang 60% ng pamilyang Pilipino ang walang akses sa *internet.*

Sa ganitong kalagayan, malinaw na hindi ito papabor sa mahihirap na pamilya lalupa't hindi naman kayang ipagkaloob ng rehimen ang pangangailangan ng mga mag-aaral. Malaki ang gagastusin para sa *internet load* dahil napakabihira ng libreng *public wifi.* Lalo itong malaking disbentahe sa mga nakatira sa kanayunan kung saan halos walang akses sa *internet* o kung mayroon man ay napakabagal. Napakarami ring walang kapasidad na bumili ng mamahaling *gadget* laluna ngayong bagsak ang ekonomya at laganap ang disempleyo.

Tinatayang aabot sa dalawang milyong kabataan ang hindi ieenrol ng kanilang mga magulang bunsod ng pandemya. Madadagdagan pa ito dahil marami nang magulang ang nawawalan ng loob na pag-aralin ang kanilang mga anak matapos ianunsyo ang bagong programa ng DepEd at CHEd. Kung makapag-enrol man sa simula, malaki ang tsansang hindi na nila matapos ang *school year* bunga ng kahirapang makasabay sa *blended/distance* at *flexible learning.*

Sa kabilang banda, tuluy-tuloy at walang sagabal sa pag-aaral ang mga kabataang nagmula sa mayayamang pamilya kahit may pandemya. Dahil may akses at gamit, madali lamang para sa kanila ang pumasok sa mga klaseng *online* at kumuha ng mga *module* at iba pang aralin sa *internet.*

Ang pagpapatupad ng ganitong programa sa edukasyon sa panahon ng pandemya ay magreresulta sa pagkakait ng karapatang matuto at mag-aral sa nakararaming mahirap



na kabataan. Sa pangmatagalan, mag-aambag ito sa higit na paglawak ng agwat sa pagitan ng mahihirap at mayayaman. Magiging eksperto't propesyunal ang mga maykayang nakapagtapos ng pag-aaral, habang walang pinag-aralan at lalong mahihirapang makakuha ng magandang trabaho ang mga kinapos sa buhay.

**'Walang pasok hanggang walang bakuna'**

Ang kasalukuyang problema sa pagbubukas ng mga eskwelahan ay ibinunga ng maling pananaw ng rehimeng Duterte sa paglutas sa krisis panlipunan dulot ng COVID-19.

Astang diktador ang pagmamatigas ni Duterte na hindi payagan ang *face to face* na pag-aaral at sapilitang pagsusubo ng *blended/distance* at *flexible learning* sa mga estudyante. Bago ianunsyo ang programa'y walang sapat na konsultasyon sa mga estudyante, magulang, guro at administrador na direktang apektado nito.

Ipinapakita naman ng kanyang pahayag na 'walang pasok hanggang walang bakuna' ang kanyang kamangmangan at katamaran na hanapan ng solusyon ang pagbubukas ng mga klase habang kinokontrol ang panganib na magkahawahan ng *virus*.

Pinapahiwatig ng mga aksyon ng rehimen na wala itong malasakit sa mga guro, estudyante, magulang at sa buong sektor ng edukasyon. Hindi nito pinaayos ang mga eskwelahan para maiwasan ang siksikan at para matiyak ang pagsunod sa mga *protocol* sa sanitasyon. Ipinasa at ipinapasan nito sa mga guro ang kapalpakan ng DepEd at pinepresyur silang ipatupad ang bagong programa sa edukasyon kahit kulang sa pagsasanay at kagamitan. Pinabayaan din nito ang higit 260,000 guro sa mga pribadong paaralan na walang tiyak na pagkukunan ng panggastos habang walang trabaho dahil hindi sila sinaklaw ng subsidyo ng gubyerno.

Napakairesponsable rin ng pagmamaliit ni Duterte sa halaga ng *face to face* na pag-aaral para sa mga kabataan sa panahon ng krisis gayong napakarami nang eksperto ang nagrekomendang buksan muli ang mga paaralan. Anila, malaking tulong sa mga kabataan ang muling makapag-aral at matuto para maramdaman na mayroon pang magandang hinaharap sa kabila ng pandemya.

Balewala ang mga benepisyong ito sa rehimeng Duterte. Mas interesado itong panatilihing nakakulong sa kanilang bahay ang mga kabataan laluna ang mga papasok sa kolehiyo upang mapigilan ang pag-oorganisa sa kanilang hanay para labanan ang pasistang rehimen. Imbes na mag-isip ng mga hakbangin na lalapat sa pagtugon sa krisis pangkalusugan at sasalubong sa pagbabalik-eskwela, pinili ng rehimeng Duterte na magpatupad ng bagong moda ng pag-aaral na hindi angkop sa hirap na kalagayan ng mamamayan at iwasiwas ang kamay na bakal nitong paghahari.

Mismong ang rehimeng Duterte ang humahadlang sa pangarap ng mga kabataan at kanilang mga magulang na makabalik sa pag-aaral at makabangon mula sa pananalasa ng pandemya. Isinasapeligro nito ang kinabukasan ng mga kabataan, at higit na pinalalala ang di pagkakapantay-pantay sa lipunang Pilipino.

Kung patuloy na sasagkaan ng rehimeng Duterte ang adhikaing ipagkaloob sa lahat ang karapatan sa edukasyon, sasalubungin siya ng daluyong ng nagngangalit na taumbayan. Tuturuan siya ng leksyon ng mga kabataang uhaw sa kaalaman. Ibabagsak si Duterte mula sa kapangyarihan, dahil ito ang nararapat sa mga tulad niyang pasista, kurakot at balakid sa pagkakamit ng mamamayan sa kanilang mga demokratikong karapatan. K

## Mga hakbangin sa pagbabalik-eskwela sa ibang bansa



**DENMARK**

Nagtalaga ng anim na piyeng layo sa pagitan ng mga mesa at upuan ng mga estudyante. Isinaayos din ang hindi sabay-sabay na pagdating ng mga estudyante sa paaralan at pagpapatupad ng *physical distancing* sa loob ng eskwelahan.

**NORWAY**

Hinimok ng gubyerno ang mga eskwelahan na limitahan sa tig-15 mag-aaral ang bawat klase at obligahin ang mga estudyante na hugasan ang kanilang mga mesa araw-araw.



**TAIWAN**

SOP dito ang pagkuha sa temperatura ng mga mag-aaral. Pinalawig naman ng gubyerno ng 10 araw ang bakasyon upang magsagawa ng disimpeksyon sa mga eskwelahan. Naglagay rin ng mga plastik na balot sa mesa ng mga estudyante.

**CHINA**

Inoobliga ng lokal na gubyerno sa ilang lungsod ang mga eskwelahan na itsek ang temperatura ng mga estudyante bago pumasok. Binigyan din ang mga estudyante ng sarili nilang *thermometer* at pinakukuha ang kanilang temperatura dalawang beses sa isang araw.

Mayroon ding sistema ng *color-coding* sa pagtukoy kung sino sa mga estudyante ang maaaring may COVID-19 at hindi na muna pwedeng pumasok. Nagtalaga rin ng hiwalay na klasrum para sa mga estudyanteng may lagnat.

**ISRAEL**

Ginawang tig-20 estudyante na lamang ang isang klase at 2-3 beses ang pagpasok sa loob ng isang linggo. Naging patakaran na rin ang pagsusuot ng *face masks* sa loob ng paaralan.



# Pilipinas, pinakamaraming kaso ng COVID-19 sa Timog Silangang Asya

Nilagpasan na ng Pilipinas ang Indonesia bilang bansang may pinakamaraming kaso ng COVID-19 sa buong Timog Silangang Asya. Noong Agosto 7, may rekord na 122,754 kaso ng COVID-19 ang Pilipinas habang ikalawa na lang ang Indonesia na may 118,753 kaso. Sa pagtatapos ng buwan, mabilis na lumaki ang agwat sa pagitan ng dalawang bansa sa naitalang positibo sa COVID mula 4,000 tungong 45,794 kung saan naitala ang may 226,440 kaso sa Pilipinas kumpara sa 180,646 kaso sa Indonesia.

Hindi na ito kagulat-gulat sa mga matamang nagsusuri at sumusubaybay sa katangian at paraan ng pagharap ng rehimeng US-Duterte sa pandemya. Isang krisis sa pambansang seguridad at *peace and order* ang turing ng rehimeng Duterte sa pandemya at hindi isang krisis sa pampublikong kalusugan. Solusyong militar at hindi medikal ang pangunahing laman ng programa ni Duterte sa paglaban sa COVID-19 na higit na nagpalubha sa pagkalat ng pandemya sa halip na sugpuin ito sa paraang syentipiko. Mas kasuklam-suklam pa ay kinukurakot ng pangkating Duterte ang bilyon-bilyong pondong pampubliko na nakalaan sa mamamayan.

**Kumprehensibong solusyong medikal, hindi *lockdown***

Labis na umasa sa *lockdown* si Duterte, kahit na ipinakita ng Vietnam, Thailand at Cuba na ang epektibong pamamaraan ng pagkontrol sa pandemya ay maagap na paglalagay sa mataas na kahandaan ng buong imprastrukturang medikal sa paglaban sa pandemya, istrikto at maingat na pagpapapasok ng dayuhan laluna mula sa bansang may impeksyon, *mass testing* o malawakang libreng pag-eksamin sa mamamayan kung may *virus*, libreng pagpapaospital at paggamot sa maysakit at mobilisasyong masa para sa edukasyon at *contact tracing.* Kahiya-hiya rin ang liderato ng DOH na siya pang pinagmumulan ng mga nakakalitong impormasyon at mali-maling datos hinggil sa sakit na COVID-19 at sa tunay na inabot ng pagkalat nito sa bansa.

Parang ulol si Duterte na walang ibang bukambibig na pampuksa sa COVID-19 kundi ang bakuna na hinihintay niyang ibigay sa kanya ng Russia at China. Ang problema, tinatayang Mayo 2021 pa matatapos ang mga *clinical trial* kaya halos isang taon pang maghihintay para rito.

Inutil, palyado at pabaya ang rehimen sa mga hakbanging pang-kalusugan dahil puro retiradong heneral ang bumubuo sa gabinete ni Duterte at sa IATF. Militar at pulis ang pangunahing makinarya hindi lamang sa mga *checkpoint* kundi pati sa pamamahagi ng subsidyo sa ilalim ng SAP, *contact tracing* at pagbabahay-bahay para matukoy ang mga nahawahan ng *virus* na *asymptomatic* o di nagpapakita ng sintomas.

Baluktot ang pamamaraan ng rehimen sa paglutas sa paglaganap ng sakit. Imbes na mga eksperto sa pagsalba ng buhay ang suportahan at pakilusin, makinaryang dalubhasa sa panunupil, paninindak at pagpatay ang lubos na inaasahan sa katauhan ng mga sundalo at pulis.

Manggagawang pangkalusugan tulad ng mga doktor, nars, siyentista at mga dalubhasa sa larangan ng pampublikong kalusugan ang pangunahing dapat asahan sa paglaban sa COVID-19. Kinakailangang maglaan ng malaking pondo ang gubyerno para sa pagtataas ng kanilang sahod at kompensasyon, pagtitiyak sa dormitoryo ng mga ito at makataong kundisyon sa pagtatrabaho sa mga ospital, pagrerekrut ng mas maraming tauhang medikal laban sa COVID-19, maramihang pamimili at pamamahagi ng PPEs sa kanilang lahat, libreng pag-eksamin ng sakit at libreng pagpapaospital at pagpapagamot sakaling mahawa.

**Sektor ng kalusugan sa kamay ng mga kawatan**

Bago pa magsimula ang paghahari ng rehimeng Duterte, mahina, mababa ang kalidad at kulang na kulang na ang serbisyo ng sistemang pangkalusugan sa bansa. Dulot ito ng kriminal na kapabayaan ng nagdaang mga rehimen na asikasuhin ang serbisyong pangkalusugan. Nilalaanan ng pondo ang DOH para lamang makapandambong sa malaking badyet sa gamot kasabwat ng dambuhalang mga kumpanyang *pharmaceutical*.

Sa panahon ni Duterte, pinasahol ang pandarambong sa

## ALAM NYO BA?



Kamakailan, ang *virgin coconut oil* (VCO) at lagundi ay napatunayang may magandang epekto sa mga pasyenteng may di-malubhang sintomas ng COVID-19.

Parehong naaprubahang isailalim sa *clinical trials* ang mga ito. Sa isang *isolation center,* gumaling sa sakit ang 30 sa 40 pasyenteng nilapatan ng VCO. Samantala, ang lagundi ay epektibong gamot sa mga sakit sa baga o *respiratory diseases*.



Pinakamainam na tustusan ang pananaliksik at pagpapaunlad ng mga gamot na mula sa halamang likas na nahahanap sa loob ng bansa. Ang paggamit sa mga halamang gamot at ibang tradisyunal na medisina sa bansa ay itinuturo ng rebolusyonaryong gubyerno sa mamamayan laluna sa kanayunan.

# Mga kaso ng COVID-19 sa TK, lumaki nang 18 beses mula Abril

Lumobo tungong 20,751 ang bilang ng mga kaso ng COVID-19 sa TK sa pagtatapos ng Agosto mula sa 1,076 noong Abril 25 batay sa tala ng Department of Health (DOH). Katumbas ito ng 18 beses na paglaki sa bilang ng mga taong nahawahan ng COVID-19 sa rehiyon.

Samantala, umakyat naman sa 496 ang bilang ng mga namatay, anim na beses na mas mataas mula sa 69 noong Abril. Iniulat din ng ahensya na nasa 7,298 ang kabuuang gumaling sa CALABARZON at MIMAROPA sa katapusan ng Agosto.

Tampok sa pagdami ng kaso sa TK ang 4,133 kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa Laguna ayon sa DOH. Signipikanteng bahagi nito ang bilang ng mga manggagawang nahawahan ng *virus* dahil sa hindi pagsunod ng mga may-ari ng pagawaan sa mga *protocol* kaugnay ng pagsansala sa pagkalat ng COVID-19.

Malaking salik din ang kabagalan at kainutilan ng Department of Labor and Employment (DOLE) at lokal na gubyerno na magpatupad ng mga hakbanging mangangalaga sa kalusugan ng mga manggagawa sa panahon ng pandemya. Sa 2,428 na pagawaan sa Laguna, 73 pa lamang ang dumadaan sa inspeksyon ng DOLE kaugnay sa pag-angkop sa COVID-19.


Nauna nang inulat noong Hulyo 30 na 290 manggagawa sa Nidec Philippines ang positibo sa *rt-PCR tests* para sa SARS-COV-2. Mayroon ding mga kumpirmadong kaso sa Gardenia Bakeries Philippines, Inc., F. Tech Philippines Manufacturing, Inc., Alaska Milk Corporation, Coca-Cola FEMSA Santa Rosa, Imasen Philippine Manufacturing Corporation, Technol Eight Philippines Corporation, Optodev Inc., Interphil Laboratories, Edward Keller Philippines, Toshiba Philippines, at Nexperia Philippines. Sa Laguna nakatipon ang pinakamalalaking engklabong industriyal sa bansa. K

*Pilipinas, pinakaraming kaso...mula sa pahina 8*

badyet ng gubyerno. Sa tulong ni DOH Secretary Francisco Duque III, ginawang palabigasan ang mga pampublikong ospital at ang Philhealth. Walang kaparis sa kasaysayan ang pandarambong ng tambalang Duterte-Duque sa departamento ng kalusugan. Kaya naman di mabitiw-bitiwan ni Duterte ang kalihim kahit buong bansa na ang nanawagan ng pagpapatalsik sa kanya sa DOH.

Sa pagdinig sa Senado, lalabas na aabot sa P15 bilyon ang kinurakot ng mga opisyal ng Philhealth na tinaguriang *Mafia from the South* sa pangunguna ng kakabitiw pa lamang na presidente nitong si Ricardo Morales, isang dating heneral ng AFP. Talamak na modus sa pagbulsa ng pondo ang pagpapagamot sa mga *ghost patients*.

Nalantad din ang P154-bilyong anomalya na kinubra ng Wellmed para sa mga *ghost dialysis patients* nito. Samantala, ibinunyag na naglabas ang Philhealth ng kabuuang P249.7 milyon para sa pagpapatanggal ng *ingrown* na kuko mula 2014 hanggang 2017. Ang 43% o P106.89 milyon na ibinayad sa pagtanggal sa *ingrown* na kuko ay pinalabas na nagamit sa MIMAROPA. K



TUGON NI PATNUBAY DE GUIA

# Paano magbibigay ang Demokratikong Gubyernong Bayan (DGB) ng awtonomiya sa mga pambansang minorya bilang bahagi ng paggalang sa kanilang kultura?

Sa saligan, itinataguyod, ipinagtatanggol at isinusulong ng rebolusyonaryong kilusan ang mga karapatan ng mga pambansang minorya at iba pang nasyunalidad para sa pagpapasya-sa-sarili, laban sa diskriminasyon, rasismo at pambansang pang-aapi ng imperyalismo at lokal na reaksyon. Sa partikular, sinusuportahan, ipinagtatanggol at isinusulong ng rebolusyonaryong kilusan at Demokratikong Gubyernong Bayan (DGB) ang pakikibaka ng mga pambansang minorya laban sa walang habas na pangangamkam sa mga lupaing ansestral, malawakang pandarambong at pagsira ng mga dayuhan at lokal na korporasyon sa pagmimina sa kanilang lupang ninuno na pinagmumulan ng kanilang ikinabubuhay, sa paglaban sa tumitinding paglabag sa karapatang tao at sa pag-atake sa batayang karapatan sa kabuhayan at kapakanan ng mga katutubo at pambansang minorya.

Ayon sa datos ng reakyunaryong ahensya na National Commission on Indigenous Peoples (NCIP), tinatayang nasa mahigit 11 milyong mamamayang Pilipino ang tinaguriang pambansang minorya sa bansa. Karamihan sa kanila ay nasa isla ng Mindanao tulad ng mga Lumad at Bangsamoro na bumibilang sa mahigit sa limang milyon. Malaking bahagi din ng mga pambansang minorya sa bansa ay nananahanan sa kabundukan ng Cordillera, Caraballo at Sierra Madre.

Sa rehiyon ng Timog Katagalugan, kabilang sa pambansang minorya ang mga Mangyan sa isla ng Mindoro (na may anim na *ethnolinguistic groups*), Dumagat at Remontado sa Rizal at North Quezon, ilang komunidad ng mga Agta sa Timog Quezon at mga Batac, Tagbanua, Palaw'an, Ken-uys at mga grupong Muslim sa probinsya ng Palawan.

Batay sa sensus noong 2015, nasa 96,262 ang mga grupong Muslim sa Palawan. Kinakatawan nito ang 8.71% ng kabuuang 1,104,585 na populasyon ng probinsya.

Mula noon hanggang sa kasalukuyan nagpapatuloy ang malawak at malalim na ugnayan ng rebolusyonaryong kilusan sa mga nabanggit na pambansang minorya sa rehiyon. Bilang mga magsasaka rin, sila ang pangunahing nagtataguyod, sumusuporta at mahigpit na katuwang ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at mga nakatayong organo ng pulang kapangyarihang pampulitika para sa pagpapatupad ng kaayusan, pagtugon sa mga pangangailangan at kagalingan at sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng kanilang mga pamayanan batay sa pagkilala at paggalang sa mga umiiral nilang kultura at tradisyon.

Sa karanasan, ang pambansang minorya ay isa sa mga di-natutuyuang bukal ng suporta ng BHB sa rehiyon. Boluntaryo silang umaanib sa NPA dahil naniniwala sila na tanging sa pamamagitan ng paglahok sa demokratikong rebolusyon ng bayan (DRB) mawawakasan ang daan-taong makauri at pambansang pang-aapi at pang-aabuso sa kanila ng imperyalismo at lokal na reaksyon.

Kabilang sa mga rebolusyonaryong organisasyon ng mga pambansang minorya sa TK na kaalyado ng NDFP-ST ang sumusunod: Kadumagetan (Dumagat at Remontado sa Rizal; Mindoro (Mangyan sa Mindoro); at Supok (Palaw'an at Cuyunin sa Palawan).

**Ang mga pambansang minorya sa Pilipinas ay malaon nang inaabuso at lubhang pinababayaan.**

*"Ang mga pambansang minorya ay malaon nang itinuturing ng imperyalismong Amerikano, lokal na pamahalaang reaksyonaryo at mga simbahang Kristyano na tampulan lamang ng mga 'kawanggawang' burges at indoktrinasyong Kristyano. Ang apat na milyong mamamayang nabibilang sa mga pambansang minorya, laluna ang sa Mindanaw at mga lalawigang bulubundukin, ay maaaring maging makapangyarihang kalahok sa rebolusyonaryong pagbabagsak sa imperyalismong Amerikano at pyudalismo. Ipinangangalandakan ng pamahalaang reaksyonaryo, mga eskolar na reaksyonaryo at mga sobinistang Kristyano ang pambansang integrasyon gayong ang totoo ay panig sila sa mga uring mapagsamantala na siyang pangunahing pinagmumulan ng pang-aabuso at pang-aapi. Ang pangunahing suliranin ng mga pambansang minorya ay lupa, pang-aabuso ng panginoong maylupa, magtotroso at mangangamkam ng lupa; at pagsasamantala sa minahan at plantasyon."*[1]

Sa loob ng higit 300 taon ng kolonyal na paghaharing Español, naglunsad ng magiting at sustenidong pagtatanggol laban sa kolonyalismo at imperyalismo ang mamamayan sa timog at sentral Mindanao na nakilala na bilang Bangsamoro at ang mga mamamayan ng kabundukang Cordillera at ibang mga pambansang minorya na nananahan sa bulubundukin at maburol na lugar.

Kinailangan ang labis na superyor na pwersa ng armas kakumbina ng panunuhol at kooptasyon ng kanilang mga lider at ang pagpapahina sa kanilang sistema ng kabuhayan at tradisyunal na mga institusyon bago sila nagapi at nahatak sa saklaw ng kolonyal na paghahari. Subalit nagawa nilang mapanatili ang kanilang pagtatanggol sa iba't ibang paraan, paulit-ulit na naghihimagsik at pinanatili ang naiibang kultura.

Sa ilalim ng papet na republikang neokolonyal, higit pang inilagay sa mababang katayuan ng lokal na naghaharing uri at kanilang among US ang mga kababayan natin at itinrato sila bilang mga hamak na mamamayan. Sila'y naging biktima ng

institusyonalisadong diskriminasyon at pang-aapi, malawakang pangangamkam at malawakang armadong teror at abuso. Pinarami ng pasistang diktadurang Marcos ang mga krimeng ito nang daan-daang ulit sa pamamagitan ng mga hakbang ng panlilipol ng lahi laban sa mamamayang Moro at malawakang pang-aagaw sa mamamayang Cordillera at ibang mga pambansang minorya ng kanilang lupang ansestral.

Nagtanggol ang mamamayang Moro, naglunsad ng sunud-sunod na pag-aalsa — isang armadong pagtatanggol na mabilis na umunlad bilang ganap na pakikibaka para sa pagpapasya-sa-sarili. Gayundin, ang mga mamamayang Cordillera ay bumangon sa armadong pagtatanggol na isinanib nila sa rebolusyonaryong pakikibaka ng buong sambayanang Pilipino. Lumahok rin sa pambansa-demokratikong pakikibaka ang iba pang mga pambansang minorya.[2]

**Itinataguyod sa ika-10 punto ng 12 Puntong Programa ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) na "Pagtibayin ang mga karapatan ng mamamayang Bangsamoro, mga mamamayang Cordillera at ibang mga pambansang minorya sa pagpapasya-sa-sarili at demokrasya."**

Ano ang kahulugan nito?

Kinikilala at nirerespeto ng NDFP ang karapatan ng Bangsamoro, ng mga mamamayang Cordillera at ibang mga pambansang minorya sa pagpapasya-sa-sarili. Mayroon silang karapatang magpasya sa kanilang kinabukasan, palayain ang sarili mula sa pagsasamantalang pambansa at makauri, sobinismo at diskriminasyon, magkamit ng demokrasya, pagharian ang sarili at kamtin ang kaunlarang panlipunan sa lahatang panig na paraan at alinsunod sa kanilang partikular na mga kondisyon.

Ang prinsipyadong paninindigang ito ay alinsunod sa aspirasyon ng Pambansang Demokratikong Prente na itatag ang isang Pilipinas na may pagkakaisa, pagkakapantay-pantay at solidaridad ng lahat ng mamamayan at nasyunalidad at buuin ang isang bansa na nakabatay sa tunay na kasarinlan mula sa imperyalismo, sa demokrasya para sa mamamayan, at sa tunay na awtonomya para sa Bangsamoro, mga mamamayang Cordillera at ibang mga pambansang minorya.


Nakapaloob sa karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ang karapatang tumiwalag, laluna sa ilalim ng kalagayan ng pambansang pang-aapi. Itinaas ng Bangsamoro ang bandila ng sesesyon sa pakikibaka nito laban sa diktadurang US-Marcos. Sa ilalim ng demokratikong Pilipinas kung saan ang pagkakapantay-pantay ng mga mamamayan at mga nasyunalidad ay ginagarantiyahan, hihikayatin ang Bangsamoro na tahakin ang makatwiran at mahusay na opsyon ng tunay na awtonomong paghaharing pampulitika.

Pagtitibayin ang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ng Bangsamoro, mga mamamayang Cordillera at ibang mga pambansang minorya sa pagtatatag ng demokratikong gubyernong bayan. Gagarantiyahan ang tunay na paghaharing awtonomo at ang kanilang makatwirang representasyon at partisipasyon sa gubyernong sentral. Ipatutupad ang kanilang mga karapatan sa mga kalupaang ansestral nang may karampatang pagkilala sa istorikong mga realidad at lulutasin ang kanilang matagal nang karaingan. Bibigyan sila ng garantiya sa pantay na mga karapatang pampulitika, pang-ekonomya at panlipunan, at rerespetuhin ang kanilang kaparaanan ng pamumuhay.

Nangangahulugan ang tunay na awtonomya ng totoo at lubos na mga garantiya para sa paggugubyerno-sa-sarili sa loob ng balangkas ng Demokratikong Republikang Bayan ng Pilipinas, isang istruktura ng gubyerno na nagtitiyak sa ganap na partisipasyon at mapagpasyang tinig ng mamamayan ng awtonomong mga lugar sa lahat ng mga bagay na umaapekto sa kanilang buhay, sa pagkilala sa kanilang karapatan sa lupang ansestral, sa prayoridad sa empleyo at mga oportunidad pang-ekonomya, sa mga bunga ng kaunlarang pang-ekonomya sa kanilang mga lugar na pangunahing papatungkol sa kanila upang mapabilis ang kanilang kaunlarang panlipunan, at sa respeto para sa kanilang tradisyon at kultura. Sa labas ng awtonomong mga lugar, may karapatan sila sa makabuluhang representasyon sa pambansang kongresong bayan at sa proporsyunal na representasyon sa mga organo ng kapangyarihan sa kani-kanilang lugar at sa iba't ibang antas.

Rerespetuhin ang panlipunan, ligal, relihiyoso at pangkulturang tradisyon ng Bangsamoro, ng mga mamamayang Cordillera at ibang mga pambansang minorya habang itatakwil ang mga aspetong mapang-api. Kasabay nito, hihikayatin silang makisalamuha sa iba't ibang mga kultura sa Pilipinas.

Sa pagpapatatag ng mga tunguhing rebolusyonaryo at progresibo sa hanay ng mga pambansang minorya, matutulungan ng sentral na gubyernong bayan ang mga awtonomong lugar at mamamayan doon na magpaunlad ayon sa kanilang mga desisyon at partikular na kalagayan. Bibigyan sila ng lahat ng kinakailangang suporta upang makasulong at umunlad kasabay ng lahat ng ibang bahagi ng bansa. K



*1 Halaw mula sa Programa sa Demokratikong Rebolusyon ng Bayan*

*2 Halaw mula sa 12 Puntong Programa ng NDFP*

# *Microfinance,* isang makabagong porma ng usura

*Una sa serye ng mga artikulo hinggil sa microfinance*

Dati, kung ikaw ay gipit at nangangailangan ng pera kalimitang umuutang ka sa mga indibidwal na tao o 'di kaya sa 5-6 dahil wala namang kakayanan na umakses sa mga komersyal na bangko. Ngayon, laganap na sa buong bansa ang isang bagong sistema ng pautang, ang *microfinance* na nagbabalatkayong maka-mamamayan at tumutulong sa mahihirap.

Ang *microfinance* ay isang serbisyong pinansyal na nagbibigay ng iba't ibang serbisyo tulad ng pautang *(loan)*, *insurance*, pag-iimpok *(savings)* at *money transfer* kung saan pangunahing tinatarget nito ang mga indibidwal at maliliit na negosyante na walang kakayahang umutang sa malalaki o tradisyunal na bangko.

Laganap ang *microfinance* sa buong mundo laluna sa mga bansang kolonya at malakolonya o mga bansang atrasado. Naitala ang pinakamataas na konsentrasyon nito sa India, Bangladesh at sa mga bansa sa Africa.

Kliyente ng *microfinance* ang mahihirap, maliliit na negosyante at mga taong may negosyo na nakabase sa kanilang tahanan. Karamihan ng mga kliyente nito ay mga kababaihan na walang trabaho. Marami rin sa mga kliyente nito ay mayroong kapamilyang OFW. Kung hindi man, kalakhan din ng mga miyembro nito ay dating OFW na nakabalik na sa bansa at gustong magsimula ng negosyo. Pangunahing nagbibigay ng serbisyo ng *microfinance* ang mga *rural bank*, mga *non-government organization* (NGOs) at mga kooperatiba.

Dito sa Pilipinas, naitalang may 1.98 milyong kliyente ang 159 bangko na may katangiang *microfinance* ang operasyon. Kabilang sa mga *microfinance* na kasalukuyang nasa operasyon ang Center for Agricultural and Rural Development, Inc. (CARD), Rural Bank of Atimonan (RBA), Agricultural and Rural Development for Catanduanes, Inc. (ARDCI), Tulay sa Pag-unlad, Inc. (TSPI) at Ahon sa Kahirapan, Inc. (ASHI).




Sa CALABARZON, may kabuuang 3,027 nakarehistrong mga kooperatiba noong 2015. Karamihan dito ay mga *microfinancing institution* at kooperatiba na nagsisilbi bilang mga posibleng alternatiba sa pagpopondo sa hanay ng rural at mahihirap na sektor.

Mayroon itong iba't ibang pamamaraan na iniaalok at nakadepende sa pipiliin ng kanilang kliyente. May dalawang pangunahing pamamaraan: una, ang pamamaraang grupo kung saan nagbibigay ng serbisyo sa mga grupo; at ikalawa, ang indibidwal na pamamaraan o mas kilala bilang *single-client lending*.

Indibidwal ang paraan ng pagsapi rito. May ilang mga *microfinance* ang hindi pumapayag na magpasapi ng mga kalalakihan. Nagtatakda rin ito ng *age limit* ng maaring sumapi tulad ng 18–75 taong gulang. Ang edad na mas matanda dito ay hindi na tinatanggap dahil maikling panahon na lamang ang mailalaan upang maging kasapi ng *microfinance*.

Kumikita ang *microfinance* mula sa interes na ipinapataw nito sa mga inuutang ng kanilang kasapi.

Makikita mula dito na lampas sa itinakdang 12% kada anim na buwan ang interes na ipinapataw ng nasabing institusyon, kung hahatiin naman kada buwan ang interes ng pautang ay umaabot pa rin ito sa 2.6% na doble ang laki sa 1% interes na itinatakda ng reaksyunaryong batas.


Tinitiyak ng *microfinance* na may kakayahang makapagbayad ang isang miyembro sa pamamagitan ng *credit investigation* o CI. Inaalam nito kung anu-ano ang mga negosyo at ari-arian ng kanilang miyembro. Mayroon din itong patakaran na pipirmahan ng kapamilya ang mungkahing uutangin ng kliyente upang tiyakin na kapag hindi nakapagbayad at sakaling umalis ang kliyente, ang nakapirma ang siyang sisingilin at pagbabayarin. Kung hindi naman tiyak ang *microfinance* sa kakayahang magbayad ng kanilang

kliyente maaari nitong bawasan ang mungkahing halaga na uutangin ng kliyente.

Marami ring binabayaran ang mga kliyente ng *microfinance* tulad ng *transaction fee, processing fee* at bayad para sa taong nagsasagawa ng CI.

Sa usapin naman ng pag-iimpok, may dalawang klase ng *savings.* Ang *capital build-up* kung saan ang *savings* ay pwedeng mai-*withdraw* kahit anumang oras. Ang pangalawa naman ay *locked-in capital build-up* kung saan hindi pwedeng makuha ang savings hanggang hindi pa nag-re-*resign* ang isang kliyente.

May ilang mga kliyente ng *microfinance* ang umaalis dito dahil wala nang kakayahang bayaran ang kanilang utang. Hindi nito pinapayagan na mag-*resign* ang kanyang kliyente nang hindi pa nakakapagbayad ng kanyang inutang. Halimbawa, sa CARD, kung hindi na kayang magbayad ng isang miyembro ng kanyang utang, sa kanyang *savings* na binabawas ang kabayaran sa kanyang inutang. *Offset* ang tawag dito. Sa iba pang mga *microfinance*, obligado ang mga kamiyembro nito na tulungan ang kanilang kasapi na wala nang kakayahang makapagbayad. May mga kaso na ang mga kapwa miyembro na ang nagbabayad ng utang.




Sinasabi ng mga institusyon sa *microfinance* na ang kanilang layunin ay itaas ang antas ng pamumuhay ng mahihirap at pawiin ang kahirapan. Sa panayam sa mga miyembro ng *microfinance*, karamihan sa kanila ang nahihirapang bayaran ang kanilang inutang. Ang iba ay naghahanap ng ibang *sideline* na trabaho para makadagdag sa pambayad nila sa utang. Ang kalakhan ay umuutang pa sa mga indibidwal upang ipambayad din sa *microfinance*.

Hindi rin nakakatulong ang *microfinance* para guminhawa ang buhay ng mga kliyente nito, masahol pa, nababaon pa lalo sa utang ang mga ito. Umiinog na lamang ang buhay ng mga kliyente nito sa utang dahil umuutang ito sa iba pa upang makapagbayad lamang ng utang sa *microfinance.* Higit pa nitong nilulugmok sa kahirapan ang mga kliyente nito. Ang *microfinance* ay isang iskemang anti-mahirap at hindi tunay na mag-aahon sa kahirapan sa masang anakpawis.

Ang pangungutang ng masang anakpawis ay dulot ng matinding kahirapan na hindi binibigyang kasagutan ng kasalukuyang rehimen. Tuluyan lamang mapapawi ang pangungutang ng mga Pilipino kung magkakaroon sila ng sapat na mapagkukunan ng kanilang pangtustos sa araw-araw.

Sa pamamagitan ng rebolusyong agraryo, isinusulong ng mamamayan ang pagpawi sa usura at lahat ng anyo nito kabilang ang *microfinancing.* Hinihimok ang masang anakpawis na mag-impok o mag-ipon.

Marapat lamang na bumuo ang masang anakpawis ng kanilang sariling samahan o organisasyon at pakilusin ang samahan bilang isang kooperatiba na maghihikayat ng mas marami at papalaking impok. Habang nasa kooperatiba, unti-unti nang ibinababa ang interes ng pautang. Magsisilbi din ang kooperatiba bilang isang samahan na magbibigay rin ng kanilang mga pangunahing pangangailangan. Itinataguyod ng rebolusyonaryong kilusan ang pagpawi sa usura at tuluyang pagpapataas sa antas ng pamumuhay ng masang anakpawis. K

## KWENTADA NG PORSYENTO NG TUBO O INTERES SA CARD

| | | |
|---|---|---|
| **Utang** | **P10,000** | **P100,000** |
| **Hulog kada linggo (Hindi kasama ang para sa insurance at savings)** | **P465** | **P4,665** |
| **Tagal ng paghulog** | **25 linggo** | **25 linggo** |
| **Kabuuang halaga ng naihuhulog (Hulog*Tagal)** | **(P465 * 25 linggo) = P11,625** | **(P4,665 * 25 linggo) = P116,625** |
| **Kita ng microfinance (Kabuuang halaga ng naihulog - utang)** | **(P11,625 - P10,000) = P1,625** | **(P116,625 - P100,000) = P16,625** |
| **Porsyento ng tubo o interes** | **16.25%** | **16.625%** |

# Berdugong AFP-PNP, brutal na pinaslang at nilapastangan ang bangkay ng apat na NPA sa Laguna

Halimaw ang mersenaryong AFP at PNP ng pasistang rehimeng Duterte sa ginawang brutal na pagpaslang sa apat na Pulang mandirigma at kumander sa Laguna ng mga tropa ng 1st IBPA sa ilalim ng 2nd ID ng Philippine Army at SOLCOM kasama ang PNP-Laguna ngayong Agosto. Sinalaula at nilapastangan ng AFP-PNP ang mga labi ng apat na kasama at pinahirapan ang kanilang mga kaanak na maiuwi ang kanilang bangkay, maipagluksa at mabigyan ng disenteng libing.

Pinaslang sina Dioscorro "Ka Termo" Cello, Alex "Ka Omar" Perdeguera, at Rey "Ka Danny" Masinas sa pataksil na *strike operation* ng 1st IBPA at PNP-Laguna sa pinaghihimpilan ng BHB sa Sityo Balatkahoy, Barangay San Antonio, Kalayaan, Laguna noong madaling araw ng Agosto 4. Pinatay naman ng AFP-PNP sa estilong Tokhang ang *hors de combat* at sugatang si Mario "Ka Jethro/Igpaw" Caraig sa parehong barangay noong Agosto 8 habang siya'y natutulog.

Malubhang nasugatan sa kaliwang braso si Ka Jethro noong labanan ng Agosto 4 at nadatnan ng mga pasistang natutulog sa bahay kung saan siya naghihintay ng lunas. Wala na siyang kapasidad lumaban, hindi armado at isa nang *hors de combat* dahil sa natamong sugat.

Ang yunit ng BHB na kinabilangan ng apat na biktima ay inatake ng AFP-PNP habang tumutupad ng misyong medikal at mga tungkulin para sansalain ang pagkalat ng COVID-19 at tugunan ang mga problemang idinudulog ng masa kaugnay ng militaristang *lockdown* ng rehimeng Duterte. Nagsasagawa ang yunit ng mga konsultasyon at kampanyang edukasyon sa masa hinggil sa pandemya bago ito salakayin noong Agosto 4.

**Paglabag ng AFP-PNP sa karapatan ng *belligerent forces***

Hindi makatao ang naging pagtrato ng AFP-PNP sa apat na nasawing kasapi ng BHB at tahasang nilabag ang kanilang mga karapatan bilang pwersang *belligerent* na kalahok sa gera sibil sa pagitan ng GRP at rebolusyonaryong gubyerno na kinakatawan ng NDFP. Nilabag din ang karapatan ng mga kapamilya ng apat na kasama. Ipinagkait sa kanila na makuha ang labi ng kanilang mga kaanak, maipagluksa sila at mabigyan ng disenteng libing.

Ninakaw ng AFP-PNP ang katawan nina Ka Danny, Ka Omar at Ka Termo mula sa unang puneraryang pinagdalhan sa mga ito, itinago at pinaghiwa-hiwalay ng libingan para ipagkait sa mga kaanak. Sinadya ring ilibing ang mga labi sa mga sementeryong malayo sa sayt ng pinaglabanan. Walang palatandaan o marka ang pinaglibingan sa tatlo.


Sina Ka Danny at Ka Omar ay ibinaon ng AFP-PNP sa isang sementeryo sa Antipolo, Rizal. Binalot lamang sa plastik ang kanilang mga labi nang mahukay sa sementeryo. Natagpuan ng mga kaanak ang katawan ni Ka Danny noong Agosto 13, habang umabot pa ng hanggang Agosto 20 bago nakuha ang labi ni Ka Omar.

Agosto 21 naman nakuha ang labi ni Ka Termo na inilibing ng mga pasista sa isang sementeryo sa Tuy, Batangas.

Bukod sa pagtatago ng labi nina Ka Danny, Ka Omar at Ka Termo, pinahirapan din at hinaras ng mga sundalo't pulis ang kanilang mga kapamilya sa proseso ng pagkuha ng mga katawan.

Walang awa namang pinaglaruan at pinagpasa-pasahan ng PNP-Laguna at 1st IBPA ang mga kamag-anak ni Ka Jethro na naggiit na makuha at mabigyan siya ng disenteng libing. Hiningan din sila ng kung anu-anong papeles bago nakuha ang kanyang katawan.

Nananawagan ng katarungan ang NDFP-Southern Tagalog para sa sinapit ng apat na NPA. Ani Patnubay de Guia, tagapagsalita ng NDFP-ST, "Ang kalupitan at di-makataong pagtrato ng AFP at PNP sa mga napaslang na mga NPA sa mga labanan at ang pagkakait ng labi sa mga kapamilya't kaanak para maipagluksa at mabigyan ng disenteng libing ang kanilang mahal sa buhay ang pinakamataas na kahayupan na maaaring gawin para lapastanganin ang alaala ng mga namatay at parusahan ang mga pamilya't kaanak. Ito ang tunay na imahen ng isang mersenaryo at walang-pusong militar at pulisya na higit pang binulok ng kriminal,



# Tumitinding atake at panlilinlang ng 203rd Brigade sa mga Mangyan

Tumitindi ang pinsala at *trauma* sa mga katutubong Mangyan dahil sa makahayup na atake ng 203rd Infantry Brigade ng Philippine Army sa mga sityo ng Brgy. Manoot, Rizal at Brgy. Monteclaro, San Jose ng Occidental Mindoro at Brgy. Lisap, Bongabong, Oriental Mindoro.

Mula Hulyo hanggang Agosto, sinuyod ng mga pasistang tropa sa mga *focused military operations* (FMO) nito ang mga sityo ng Bato Singit, Albunan at Atok ng Brgy. Manoot. Sa gitna ng kanilang operasyon, ginahasa ng may 20 sundalo ang asawa ng isang katutubong Mangyan. Bago ito, hinuli ng mga halimaw na sundalo ang naturang Mangyan at pinaratangang kasapi ng BHB matapos taniman ng dalawang ripleng M16.

Sapilitan ring itinayo ng mga pasistang tropa ng 76th IBPA ang kanilang kampo sa tabing ng isang *multi-purpose hall* sa Sityo Rimas, Brgy. Lisap.

Gumamit naman ang 203rd Brigade ng *helicopter* sa kanilang *retooled community support program operations* (RCSPO) sa Sityo Mantay, Brgy. Monteclaro noong Agosto 16. Tunog pa lamang ng ugong nito ay natakot na ang mga residente dahil sa nagdaang serye ng mga pambobomba ng AFP sa lugar mula 2018.

Sa naturang RCSPO, tinipon sa Mantay ang 800 Buhid-Mangyan at sapilitang inirehistro sa Philippine Statistics Authority. Tinakot ang mga katutubo na kung hindi sila nakarehistro ay kasingkahulugan ito ng pagiging kasapi ng BHB.

Ipinagmamalaki pa ng 203rd Brigade na inirehistro rin nila ang mga katutubo sa Philhealth sa gitna ng korapsyon at anomalyang kinasasangkutan ng ahensya. Tiyak na gagamiting *ghost patients* ang mga katutubo sa kapakinabangan ng mga opisyal ng 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA kasabwat ang Philhealth. Magiging gatasan ito ng mga pasista tulad ng ginagawa ng reaksyunaryong gubyerno at IATF sa pondo ng Social Amelioration Program (SAP). Matatandaang noong Hunyo ay ipinasa na sa AFP-PNP ang pamamahagi ng SAP sa Mindoro.



Ayon kay Ma. Patricia Andal, tagapagsalita ng NDFP - Mindoro, "Ang pagsaklaw ng RCSPO ng 203rd Brigade sa gawaing medikal ay malinaw na tabing sa tunay nilang layuning maniktik at magmanman sa hanay ng mga katutubong Mangyan. Kung tunay namang magkakaloob ang reaksyunaryong gubyerno ng serbisyong medikal sa mga Mangyan, hindi sundalo ang kailangan ng mga katutubo kundi mga propesyunal at eksperto sa medisina tulad ng mga doktor at nars."

Ngayong krisis ng COVID-19, may katambal na mararahas na FMO ang mga RCSPO at hindi totoong tumutupad ng mga *covid-related missions*.

"Higit na isinasapanganib ng 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA ang buhay ng mga Mindoreño at katutubong Mangyan dahil lalong pinalalaganap nila ang sakit na COVID-19 sa mga walang-tigil na FMOs nang walang *face masks* at PPEs. Makatarungan ang panawagang layas-militar ng mamamayang Mindoreño at mga katutubong Mangyan upang makaiwas sa lalupang paglaganap ng sakit at mapatigil ang pandarahas at atake ng militar sa kanayunan."

*Berdugong AFP-PNP...mula sa pahina 14*

mamamatay-tao at taksil na rehimeng Duterte."

Binalewala ng rehimeng Duterte at AFP-PNP ang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) sa ginawa nitong paglapastangan sa labi ng apat na nasawing NPA at pagpapahirap sa kanilang mga pamilya. Ang CARHRIHL ay kasunduan sa pagitan ng GRP at NDFP na pinagtibay noong 1998.

Nilabag din ng GRP ang Protocol 1 at 2 ng Geneva Conventions at pandaigdigang makataong batas na nagtataguyod sa karapatan ng mga pwersang *belligerent* at nagdidiin sa paggalang sa labi ng mga taong nasawi bunsod ng gera sibil.

Talamak nang gawi ng AFP-PNP ang pagsasalaula at pagbibinbin sa mga labi ng nasawing NPA at pagkakait ng mga ito sa kanilang pamilya. Isang tampok na kaso ang pagtanggi ng 80th IBPA at 202nd Brigade ng AFP na isauli sa pamilya ang katawan nina Ermin Bellen at Lucio Simporoso, dalawa sa tatlong pinaslang na NPA sa isang kaso ng *summary execution* o *extrajudicial killing* sa Antipolo, Rizal noong Disyembre 5, 2019.

Higit sa isang buwan namang binimbin ng 202nd Brigade ng AFP ang katawan ni Noel Levanta na namatay sa isang labanan sa Rodriguez, Rizal nitong Marso 28, 2020. Dumaan ang pamilya ni Levanta sa napakaraming opisyal at papeles bago nakuha ang kanyang labi noong ikalawang linggo ng Mayo. Nangingitim at lumobo na ang katawan ni Levanta dahil sa napakatagal na pagkababad sa *formalin.*

# Pagbayarin nang mahal ang berdugong 1st IBPA at RMFB-4A ng PNP!

Magdalena Kalayaan
Tagapagsalita, Cesar Batrallo Command - Bagong Hukbong Bayan Laguna
Setyembre 5, 2020

BAGONG HUKBONG BAYAN

Dakilang parangal at pulang pagpupugay ang hatid ng Cesar Batrallo Command-New People's Army (NPA) Laguna sa mga rebolusyonaryong martir at tunay na bayani ng sambayanang Pilipino na sina Dioscoro Cello alyas Ka Termo, Alex Perdeguerra alyas Ka Omar at Rey Masinas alyas Ka Danny. Pinaslang sila ng mga buhong at pasistang tropa ni Duterte na 1st Infantry Battalion-Philippine Army (IBPA) at Regional Mobile Forces Battalion 4A (RMFB-4A), sa pamumuno ni Lt. Col. Lambert Suerte, dakong ala-una ng madaling araw noong Agosto 4, 2020 sa Sityo Balatkahoy, Barangay San Antonio, Kalayaan, Laguna.

Labis ang pagdadalamhati at pagluluksa ng buong rebolusyonaryong kilusan at mamamayan sa probinsya ng Laguna sa pagpanaw ng tatlong magigiting na mga kasama. Minahal sila ng mga nakadaupan nilang mamamayan ng probinsya ng Laguna at maging sa mga narating nilang bayan labas ng probinsya. Hinangaan at niyakap sila ng masang magsasaka sa kanayunan ng Laguna at mga karatig pook nito dahil sa kanilang marubdob na hangarin at malalim na dedikasyon na isulong ang kapakanan at interes ng mga magsasaka at iba pang uring inaapi at pinagsasamantalahan.

Sila Ka Termo, Ka Omar at Ka Danny ay nagmula sa uring magsasaka na nagpasyang sumapi sa NPA at tahakin ang landas ng armadong pakikibaka para wakasan ang pagsasamantala at pang-aapi sa sambayanang Pilipino ng uring malaking burgesya-kumprador, panginoong maylupa, burukrata-kapitalista at ng amo nilang imperyalistang Amerikano at Tsino. Sila ang mga tunay na anak at lingkod ng bayan na walang iniisip sa buong panahon ng kanilang rebolusyonaryong pakikibaka kundi ang isulong ang kapakanan at interes ng katulad nilang mga mamamayang pinagsasamantalahan at inaapi ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Karalitaan at pagdarahop ang kanilang kinagisnang buhay. Hindi sila nakaranas kahit konting kaginhawaan. Hindi sila ganap na nakapag-aral sa burges na paaaralan dahil sa kahirapan. Ang kanilang buhay ay maituturing na walang katulad ang bigat at halaga dahil hitik ito sa yaman ng aral at kadakilaan. Hindi nasayang ang kanilang buhay nang magpasya silang sumapi sa NPA at maglunsad ng armadong pakikibaka. Hindi nasayang ang kanilang buhay na inialay bagkus nag-iwan ito ng napakalaking gintuang alaala sa mga kasama at magsasakang labis nilang minahal at pinaglingkuran. Mga alaalang magiging puhunan at inpirasyon para sa marami pang katulad nilang mga magsasakang susunod sa kanilang mga yapak, sasapi sa NPA at lalahok sa demokratikong rebolusyon ng bayan.

Paalam, Ka Termo, Ka Omar at Ka Danny. Salamat sa inyong dakilang buhay na inialay para sa bayan. Ang inyong gintuang alaala ng kabayanihan ay laging nakaukit sa puso't isipan ng mga kasama at sambayanang Pilipino na labis ninyong minahal at pinaglingkuran. Kayo ay mga matapat at huwarang mga kasama na kailanman ay hindi namin malilimutan.

Walang ibang tanging paraan upang suklian ang kanilang pinamalas na kabayanihan kundi ang ibaling ang ating pamimighati sa rebolusyonaryong katapangan. Singilin at pagbayarin nang mahal ang mga pasistang tropang 1st IBPA at RMFB-4A na kumitil sa buhay ng tatlong kasama at siyang patuloy na naghahasik ng karahasan at terorismo sa mamamayan ng Laguna.

Katarungan para sa lahat ng mga naging biktima ng pasistang tropang militar at pulis sa probinsya ng Laguna!

***Mabuhay ang gintuang alaala at kabayanihan nina Ka Termo, Ka Omar at Ka Danny!***

***Mabuhay ang CPP-NPA-NDFP!***

***Mabuhay ang Sambayanang Pilipino!*** K



# Para sa aming mahal na ina, mga kapatid, at mga kasamang nagmamahal sa ating mahal na si Ka Jethro!

Bukas na mensahe ng asawa ni Mario "Ka Jethro" Caraig

Nauna ko nang hilingin sa inyong lahat ang pagsusuot ng puting damit sa burol at libing ng ating mahal na si Ka Jethro. Kulay puti ang simbolo ng pagpupugay, ng walang pag-iimbot na pag-aalay ng buhay. Sa araw na ito, kasama ng ating pagdadalamhati ang pagdiriwang sa buhay ng isang kasamang nagsisilbi sa atin bilang walang kamatayang inspirasyon. Sapagkat walang kikitil sa maraming alaala ng isang martir ng sambayanan, dadalhin natin ang buhay at pakikibaka ni Ka Jethro sa imortalidad.

Nakilala natin si Mario Caraig, o kilala din sa pangalang Ka Jethro, bilang kasamang masayahin, mahusay na lider, matiyaga, mapagpakumbaba, madaling umako ng kahinaan at madali ring magwasto. Hindi natin malilimutan ang kanyang hilig sa pag-awit, kahit na sintunado ay bumibirit. Ang kanyang paglalakad na laging nagmamadali lalo na kung patungo sa bahayan ng masa. Ang kanyang paghampas-hampas sa katabi kapag tuwang-tuwa sa pinagkukwentuhan, ang kanyang matiyagang pagbibigay pangaral sa mga kasamang nagkakamali at pagpapataas ng kanilang moral.

Ilan sa mga katangiang nagbukas sa akin upang siya ay hangaan, lalo na noong makasama ko siya sa gawain, ay ang kanyang kahusayan sa sinserong pagpapaliwanag at panghihimok sa mga taong kanyang nakakasalamuha. Lagi niya akong binibiro, "Ngumiti ka lagi, parang pasan mo ang mundo." Lagi siya noon nagdadala ng pasalubong na kendi, pero ako lamang naman ang kanyang binibigyan. 'Yun pala, sabi nga ng mga kabataan, "MU" na pala. Hindi ko rin malilimutan nang ipakilala niya ako sa kanyang pamilya. Akala ko ay nagbibiro lamang siya noon. Sa harap ng kanyang mga magulang, doon niya sinabi sa aking mahal niya ako.



Lalo akong humanga sa kanya sa proseso ng pagkilala namin sa isa't isa dahil sa mga kwento ng kanyang ama at mga malalapit sa kanila tungkol sa kanyang mga katangian bilang mapagmahal na kaanak at kabataang Kristiyano. Lagi nila akong sinasabihang, "Napakabait na bata niyan, masuwerte ka sa kanya." Mula noong magkasintahan hanggang sa magpakasal kami ay lagi niyang sinasabi, "Dito tayo sa kilusan nagkakilala, kaya anuman ang pagsubok na dumating sa ating buhay ay magkatuwang natin itong haharapin." Saksi ang lahat ng mga kaibigan, mga taong naging malapit sa aming dalawa, kung paano niya ako laging inaalalayan — sa gawain man o sa mga personal na suliranin. Kahit na hindi maiwasan ang palagi kaming magkalayo sa isa't isa dahil sa magkaibang gawain sa kilusan.

Di ko rin malilimutan ang masikhay na pagsisikap ni Ka Jethro sa panahon ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto o IDKP. Dinala niya sa wastong landas ang mga kasama at masa na nag-aalinlangan sa kawastuhan ng IDKP.


Ipinamalas ni Ka Jethro ang walang pag-aalinlangang pagpapatupad ng mga tungkulin at gawain na iniatas ng Komite ng Partido Komunista sa probinsya sa muling pagbabalik dito ng Pulang hukbo at mga kadre ng Partido. Pinamunuan niya ang pagpapanibagong sigla ng Partido, hukbo at masa sa unang distrito. Mula 1997 ay naging saksi tayong lahat sa paglakas ng hukbo, baseng masa at ng buong rebolusyonaryong kilusan sa distrito ito at maging sa buong probinsya.

Sa iyo inay at aming mga kapatid, walang dahilan upang ikahiya o panghinayangan ang walang pag-iimbot na pag-aalay ng buhay para sa sambayanan ng mahal nating si Mario. Ipinagmamalaki siya ng sambayanang ito bilang si Ka Jethro — bilang isa sa mga haligi ng rebolusyonaryong kilusan sa ating bayan!

Sa iyo aking mahal na asawa, napakasakit na una kang nag-alay ng buhay. Hindi mo na mahahawakan ang aking kamay upang muling humakbang. Hindi ko na maririnig ang lagi mong pagsasabi ng "Mahal na mahal kita." Gayunman, nagawa lamang ng ating mga kaaway sa uri na kitlin ang iyong paghinga, ngunit sa aking puso, mananatili kang buhay — ang isang Ka Jethro na minamahal ko bilang aking kabiyak at kasama hanggang katapusan ng walang hanggan.

Sa inyo, mga kasama, ang pag-aalay ni Ka Jethro ng kanyang buhay ay masakit sa ating lahat na nagmamahal sa kanya. Subalit hindi natin hahayaang madaig ng dalamhati ang ating mga puso, bagkus pagsilbihin natin itong ningas hanggang muling sumambulat ang apoy ng ating pakikidigma!

***Pulang saludo, Ka Jethro! Tuloy ang laban!*** K



# MAPAIT NA GAMOT

**ni Ka Aryan**

Sa panahon ng pandemya, ito ang dapat gawin:
magsuot ng *face mask*,
ipatupad ang *physical distancing*,
palagiang maghugas ng kamay,
takpan ang ilong at bibig kung umuubo
at sumunod sa kautusan ni Ser
para makaiwas sa mikrobyo.

Pero ang totoo,
kami'y pinagtatakip mo ng mukha,
para busalan ang bibig ng bumabatikos sa 'yo
at gusto ng pagbabago,
upang hindi rin maamoy ang umaalingasaw
na gubyernong nabubulok, nilalangaw.
Ipinatupad mo ang paglalayu-layo,
upang paghiwalayin ang mamamayan
na ngayo'y nagkakaisang lumaban.

Ang paghuhugas mo ng kamay, para pagtakpan
ang iyong mga kasalanan sa taumbayan
ay itinuro mo sa mga sundalo't pulis
upang ang kanilang duguang kamay
ay maging malinis sa mata ng tao.
Inuna mo pa ang *checkpoint* sa *check-up*
upang maging normal ang batas militar.

Ang tunay na sakit ay ang pasakit
sa kawalan ng lupa, sahod at karapatan.
Nasaan ang malasakit sa dagdag na buwis
at lalong masakit sa mga hari ng kalsada
ang igarahe at hindi na makapamasada
Hindi ba't libu-libo ang naaresto,
tinaguriang pasaway dahil bawal
ang mag-inom, magsugal at magtipon?
Habang mga sundalo'y gayak
na gayak papuntang kanayunan
at hindi magkasya sa trak pandigma
para mag-inom, magsugal
at mang-aresto ng sibilyan.
Habang ang pulis sa lungsod ay ganito:
Kapag mahirap, pasaway – aresto
Kapag mayaman at pulitiko – proseso.

Sa pandemya'y wala ka talagang panglunas.
Gamit ang mga butas ng batas,
ang iyong tapang, at mala-sakit
mo nang paninindak para maghatid ng ligalig,
hindi kapanatagan.

Mapait na gamot sa taong bayan ang bagong
normal.
Kung saan normal na ang walang lupa,
ang walang trabaho, normal na ang mamatay sa
gutom.
Normal na ang pagpatay at pang-aabuso,
pang-eespiya at mga paratang
na ang magreklamo, magsalita at tumuligsa ay –
terorismo.

Ang mga naghahanap ng gamot
at sagot,
tumutugon sa panawagang tumungo sa kanayunan
at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan.
Doon ay lilikhain ang tunay na pagbabago
at itatayo ang tunay na gubyerno
ng mamamayan
na mayroong programa sa lupa, industriya.
Batid ang siyentipikong pamamaraang lunas
sa krisis pangkalusugan,
at tunay na gamot sa kanser ng lipunan.
Hindi bagong normal kundi bagong sistema,
demokrasyang bayan na may sosyalistang
perspektiba. K